International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 111-120

# STUDENT LEARNING STYLES IN THE DEVELOPMENT OF MULTISENSORY WORKTEXTS FOR FILIPINO LANGUAGE INSTRUCTION

**HIEN T. AMBAS**
Department of Education
Panay National High School- Sto.Nino South Cotabato, Philippines
hien.talipasan@deped.gov.ph

**DIVINA T. FELICIANO**
Gradute School, Sultan Kudarat State University, Philippines
divinafeliciano77@gmail.com

**Abstract**— This study focuses on student learning styles in the development of multisensory worktexts for Filipino language instruction. The research employed an R&D (Research and Development) design. Two groups of students, 10-Gold and 10-Sapphire, were identified using complete enumeration sampling as respondents to determine their learning styles, which served as the basis for the development of the multisensory worktext. The study also assessed the level of acceptance of the developed worktext by both the students and the teachers. Based on the survey results identifying learning styles, it was discovered that a significant number of students preferred a visual learning style. The developed worktext was also highly accepted by both the students and the teachers. The multisensory worktext was also highly accepted by experts who evaluated its validity. The study further revealed that there was no significant correlation between learning styles and student acceptance of the worktext's quality. There was no significant relationship between the three learning styles and the developed worktext, except for the kinesthetic style. The kinesthetic learners showed slightly lower acceptance of the worktext's format and a lower acceptance of its originality, particularly when combined with an auditory learning style. The level of acceptance of the developed worktext was significantly higher among students than among teachers, due to the teachers' lower acceptance of the clarity and originality of the multisensory worktext. Therefore, the teacher's resourcefulness and creativity in preparing teaching materials such as multisensory worktexts and their use in instruction have a positive impact on students' academic learning and performance.

***Keywords—worktext, multisensory, learning styles, visual, kinesthetic, auditory,***

## I. INTRODUCTION

Ang paggamit ng kagamitang multisensori sa pag-aaral ay nag-aalok ng maraming benepisyo sa mga mag-aaral, tulad ng mas mahusay na pag-unawa, mas mataas na pakikilahok, at mas mahusay na pag-unlad ng wika. Gayunpaman, mayroon ding mga hamon na dapat harapin, tulad ng kakulangan sa mga mapagkukunan at pagsasanay. Sa kabila ng mga hamon, ang paggamit ng kagamitang multisensory ay nagiging mas laganap at mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon.

Ayon sa World Bank Group (2022), maraming mga bansa, lalo na sa mga umuunlad na bansa, ay kulang sa sapat na mga kagamitang pampagtuturo para sa kanilang mga mag-aaral. Ito ay maaaring dahil sa kakulangan ng pondo, kakulangan ng mga kwalipikadong guro na maaaring magdisenyo at mag-develop nito. Maaaring hindi rin nauugnay sa kultura at konteksto ng mga mag-aaral na humantong sa kawalan ng interes at pakikilahok sa mga mag-aaral, pati na rin sa mga paghihirap sa pag-unawa sa mga konsepto.

Ipinatupad ng Departamento ng Edukasyon para sa mga guro ang INSET o In-Service Training upang madagdagan ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo dahil napapansin na kadalasan sa mga guro ngayon ay limitado na ang estratehiya na gawing buhay ang pagtuturo na nagiging dahilan ng pagkabagot ng mga mag-aaral. Ang programang ito ay naglalayong mapabuti ang kanilang mga kakayahan sa pagtuturo, paggamit ng mga makabagong teknolohiya at pag-unawa sa kurikulum. Ngunit sa limitadong panahon ay hindi pa rin na naisasakatuparan ang ibang kasanayan sa pagtuturo.

Habang may mga pag-aaral na nagpapakita ng positibong paggamit ng dulog multisensori sa mga batang may kapansanan, maging sa kasanayan sa pagbasa at pagtugtog, kulang pa ang mga pag-aaral na tumitingin sa epekto nito sa mga mag-aaral sa iba't ibang edad at antas ng pag-aaral (Dundar 2024; Prawira, 2023; Obaid, 2013; Puspita, 2018; Aswita, 2011). Kailangan ng mas malalim na pag-aaral upang matukoy kung paano naiiba ang epekto ng multisensori na dulog sa mga batang preschool, elementarya, sekondarya, at kolehiyo. Maraming pagbabago ang nangyayari sa larangan ng edukasyon maging sa asignaturang Filipino at mas pinipili ang wikang Ingles kaysa rito (Royo, 2018) lalo na sa pamamaraan, dulog at estratehiya ng pagtuturo na nagsisilbing malaking hamon na kinakaharap ng mga guro sa kasalukuyan (Barbero et al., 2019).

Kung kaya, ito ang nag-udyok sa mananaliksik na pag-aaralan ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral upang makabuo ng multisensori na *worktext* sa pagtuturo ng Filipino. Nais patunayan ng mananalksik ang kabisaan sa paggamit nito sa pagtuturo at magkaroon ng mahalagang impak sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, upang magamit sa aktwal sa larangan ng edukasyon sa bansa.

Ang pag-aaral na ito ay may layuning malaman ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, matukoy ang ugnayan sa pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong multisensory na worktext sa Panay National High School.

Narito ang mga tiyak na sinagutang mga katanungan:

1. Ano ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa:
   1.1 Biswal;
   1.2 Pandinig; at
   1.3 Paggalaw o Kinestetiko?
2. Ano ang antas ng balidit ng nabuong *worktext* batay sa:
   2.1 Nilalaman ng *Worktext*;
   2.2 Disenyo at Organisasyon ng Kagamitan;
   2.3 Kalidad ng Teksto at Anyo ng Kagamitan;
   2.4 Pagtatasa;
   2.5 Kakayahang Mabasa; at
   2.6 Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa kalidad ng *worktext* batay sa:
   3.1 Nilalaman;
   3.2 Kalinawan;
   3.3 Dating ng *worktext* sa gagamit; at
   3.4 Orihinalidad?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa sa worktext?
   4.1 Nilalaman;
   4.2 Kalinawan;
   4.3 Dating ng *worktext* sa gagamit; at
   4.4 Orihinalidad?
5. May makabuluhang ugnayan ba sa estilo sa pagkatuto at pagtanggap ng kalidad ng *worktext*?
6. May makabuluhang kaibahan ba sa antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral?

## Metodolohiya

Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang Research and Development (R&D), na naglayong matukoy ang estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral upang mabuo ang worktext na multisensori. Inalam din ang antas nga balididiti at pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong worktext.

Isinagawa ang pag-aaral sa Panay National High School na matatagpuan sa Brgy. Panay, bayan ng Sto. Niňo, lalawigan ng South Cotabato. Sa nasabing paaralan nabibilang ang dalawang pangkat ng Baitang 10 na Gold at Sapphire, sa ilalim ng Junior High School. Napili ng mananaliksik bilang respondente ang Baitang 10 dahil sa naiulat na nagdaang taon, mas mababa ang *consolidated general average* nito kumpara sa ibang baitang. Napatunayan din ito sa nailahad na datos ng School Monitoring Evaluation and Plan Adjustment (SMEPA) na sa Departamento ng Filipino ay mayroon lamang 51% *mean percentage score* ang Filipino 10.

## Respondente

Ang pag-aaral na ito ay kinasangkutan ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang at opisyal na nakapaglista sa Panay National High School sa taong panuruan 2024-2025. Binuo ito ng dalawang (2) pangkat, ang Baitang 10-Gold na may tatlumpu't limang (35) mag-aaral, at Baitang 10-Sapphire na may tatlumpu't tatlong (33) mag-aaral na sa kabuoan, mayroong animnapu't walo (68) na mag-aaral.

Sa pagtukoy ng mga kalahok na respondente sa pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang *complete enumeration sampling technique*. Ayon kay Garcia (2022), ang ganitong uri ng teknik ay kumokolekta ng kaukulang datos mula sa lahat ng mga miyembro na nasa talaan Inasahang nakapagbibigay ito ng kompleto at akmang estadistika na datos bunsod ng paglalapat na saklaw ang tamang espasyo at oras.

## Instrumento

Ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng kanailangang datos ng pag-aaral ay ang pagpapasagot ng inangkop na talatanungan tungkol sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang naging resulta ng nakalap na datos ang siyang naging batayan sa paggawa ng worktext.

Sa pagkuha ng datos sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, naging batayan sa pagbuo ng *worktext*, pinasagutan sa mga mag-aaral ang talatanungan na ginaya kay O'Brien (1985) na ginamit din sa pag-aaral nina Riadil & Nur (2019), kaya naman balido ang instrumento.

Sa pagtiyak ng balididiti ng nabuong *worktext*, ginamitan ito ng 5-Point Likert Scale na talatanungan ni Likert (1932) na ginamit din sa pag-aaral ni Bago (2021).Tinukoy ang *mean score* sa antas ng balididiti batay sa nilalaman, kalinawan, dating sa mga gagamit at orihinalidad. Makikita sa talahanayan 2 ang pamantayan sa antas ng balididiti ng nabuong *worktext*.

Upang mapatunayang balido ang nabuong *worktext*, ito ay sumailalim sa balidasyon ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino na nagsilbing tagapagbalido nito. Gamit ang Five Point Likert Scale, pinasagutan sa mga tagapagbalido ang isang talatanungan na halaw mula sa pag-aaral Francisquite (2011). Sinuri ang antas ng pagtanggap at balididiti batay sa kaangkupan, nilalaman, kalinawan, dating ng *worktext* sa gagamit at orihinalidad.

Para naman sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kalidad ng nabuong *worktext* ay ginamit din ang Five Point Likert Scale. Gamit ito, pinasagutan sa mga mag-aaral ang talatanungan na halaw din

mula sa pag-aaral nina Reyes at De Guia (2017). Sinuri ang antas ng pagtanggap at balididiti batay sa kaangkupan, nilalaman, kalinawan, dating ng *worktext* sa gagamit at orihinalidad.

Sa pagtukoy sa makabuluhang ugnayan ng estilo ng pagkatuto at pagtanggap ng kalidad ng *worktext* ay ginamit ang Correlation Matrix na halaw sa pag-aaral nina Lopez et.al (2018).

Gayundin sa pagtukoy sa ugnayan ng antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral ay ginamit pa rin ng Correlation Matrix.

## Pangangalap ng Datos

Sa bahaging ito, makikita ang proseso sa pagkalap ng mga datos na ginawa ng mananaliksik.

Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pamamagitan ng isang liham para sa Dekana ng Departamento ng Gradwadong Paaralan ng Sultan Kudarat upang isakatuparan ang pag-aaral.

Matapos mabigyan ng permiso ng Dekana, gumawa rin ng liham pahintulot ang mananaliksik at na ibinigay sa Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay ng South Cotabato gayundin sa Tanggapan ng Punongguro ng Paaralan ng Panay National High School para sa maisagawa ang pag-aaral.

Sunod, isinagawa ng mananaliksik ang pagpapasagot ng talatanungan sa mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang estilo sa pagkatuto. Pagkatapos, binuo na ang multisensori na *woktext.*

Pagkatapos, ipinabalido sa mga dalubhasang guro ang nabuong *worktext* at kinuha ang antas ng pagtanggap nito sa mga guro at mag-aaral.

Panghuli, nagkakaroon ng kasunduan sa pagitan ng DepEd at SKSU na ang nabuong worktext ay gagamitin sa susunod na taong panuruan.

## Resulta

Ang estilo ng pagkatuto ay tumutukoy sa paraan kung paano natututo nang pinakamabisa ang isang mag-aaral. Nagpapakita ang Talahanayan 1 ng mga datos ukol sa iba't ibang estilo ng pagkatuto tulad ng biswal, pakikinig at kinestetiko ng 68 na mag-aaral.

**Talahanayan 1. Estilo ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral**

| Estilo ng Pagkatuto | Dalas (n) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Biswal | 28 | 41.18 |
| Pakikinig | 7 | 10.29 |
| Kinestetiko | 20 | 29.41 |
| Biswal-Pakikinig | 3 | 4.41 |
| Biswal-Kinestetiko | 9 | 13.24 |
| Biswal-Pakikinig-Kinestetiko | 1 | 1.47 |
| **Kabuoan** | **68** | **100** |

Ang mataas na porsyento biswal **(41.18%)** ay nagpapakita ng malinaw na kagustuhan ng mga mag-aaral sa biswal na pagkatuto. Nangangahulugan itong mas epektibo ang paggamit ng mga larawan, tsart, bidyo, at *hands-on* na aktibidad kaysa sa tradisyonal na *lecture-based* na pagtuturo. Nangangahulugan din ito na ang mga guro at edukador ay mag-iisip nang malawak at iangkop ang mga estratehiya upang mas makakatulong sa mga mag-aaral na matuto.

**Antas ng Balidit ng Nabuong Worktext**

Ang Talahanayan 2 ay naglalarawan ng antas ng baliditi ng nabuong *worktext* batay sa mga indikeytors na naglalaman ng mga aspeto ng nilalaman, disensyo at organisasyon, kalidad at anyo, pagtatasa, kakayahang mabasa at sanggunian nito. Ang mga resultang nakalap ay nagpapakita ng mga average na mean at standard deviation (SD) na nagbibigay-diin sa antas ng baliditi ng nilalaman ng worktext.

**Talahanayan 2. Antas ng Baliditi ng Nabuong *Worktext***

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Worktext | 4.33 | 0.58 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Disenyo at Organisasyon ng Kagamitan | 4.50 | 0.50 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Kalidad ng Teksto at Anyo ng Kagamitan | 4.67 | 0.31 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pagtatasa | 4.58 | 0.38 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Kakayahang Mabasa | 4.58 | 0.38 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi | 5.00 | 0.00 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuoang Mean** | **4.49** | **0.44** | **Lubos na katanggap-tanggap** |

Ipinakita sa talahanayan 2 na ang sanggunian at pinagmulan ng sipi ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 5:00 (SD=0.00) at may deskriptibong antas na lubos na kaanggap-tanggap. Sinusundan ito ng kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan na may mean na 4.67 (SD=0.31). Parehong nakakuha naman ng mean na 4.58 (SD=0.38) ang pagtatasa at kakayahang mabasa na may deskriptibong antas na lubos na tinanggap habang ang disensyo at organisasyon ng kagamitan ay may mean na 4.50 (SD=0.50) at may deskriptibong antas din na lubos na katanggap-tanggap. Nakakuha naman ng pinakamababang antas ang nilalaman ng worktext na may mean na 4.33 (SD=0.58) na may deskriptibong antas din naman na lubos na katanggap-tanggap. Sa kabuoan, ang antas ng baliditi ng nabuong worktext ay nakakuha ng deskriptibong antas lubos na tinaggap na may mean na 4.99 (SD=44).

Sa kabuuan, ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ng isang positibong pananaw sa nabuong worktext, na nagmumungkahi ng mataas na kalidad sa nilalaman, disenyo, at mga sanggunian. Ang mga datos na ito ay mahalaga upang mas mapabuti pa ang mga materyal na pang-edukasyon at makapagbigay ng mas epektibong karanasang pampagkatuto para sa mga mag-aaral.

**Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Kalidad ng Worktext**

Sa pagtanggap ng mga guro sa kalidad ng nabuong worktext, kinasangkutan ito ng dalampo (20) na guro sa Filipino.

**Talahanayan 3. Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Kalidad ng Worktext**

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 3.86 | 0.21 | Lubos na Katanggap-tanggap |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kalinawan | 3.89 | 0.14 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Dating ng worktext sa mga gagamit | 3.87 | 0.13 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Orihinalidad | 3.87 | 0.18 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoang Mean** | **3.87** | **0.06** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Sa ipinakitang resulta sa talahanayan 3 ang kalinawan ng nabuong worktext ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.89 (SD=0.14) na may deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Sumunod dito ang orihinalidad na may mean na 3.87 (SD=0.18) at dating ng worktext sa mga gagamit na may mean na 3.87 (SD=0.13) na parehong may deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Ang nilalaman naman ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.86 (SD=0.21) at may deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Ang kabuoang mean ng antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong worktext ay may mean na 3.87 (SD=0.06) na may deskriptibong antas na lubos na tinanggap.

Ang mga resulta ng talahanayan na ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng kalinawan ng mga aralin sa worktext. Ang perpektong mga *mean scores* sa mga aspeto ng pagkasunod-sunod ng mga aralin at kalidad ng pagpapahayag ay nagpapahiwatig na ang *worktext* ay epektibong dinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

### Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Kalidad ng Nabuong Worktext

Sa pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong *worktext*, kinasangkutan ito ng animnapu't walong mag-aaral.

**Talahanayan 4. Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Kalidad ng Nabuong *Worktext***

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | 3.83 | 0.18 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kalinawan** | 3.76 | 0.21 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Dating sa mga Gagamit** | 3.76 | 0.24 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Orihinalidad** | 3.71 | 0.23 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoang Mean** | **3.76** | **0.17** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Makikita sa resulta na ang nilalaman ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.83 (SD=0.18) na may deskriptibong antas na lubos na tinanggap. Ang pumapangalawa ay ang dating sa mga gagamit na may mean na 3.76 (SD=0.24) at kalinawan na may mean na 3.76 (SD=0.21) na parehong may deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Nakakuha naman ang orihinalidad ng pinakamababang antas na may mean na 3.71 (SD=0.23) at deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Sa kabuoan ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong *worktext* ay may mean na 3.76 (SD=0.17) na may deskriptibong antas na lubos na tinanggap.

Ang mga resulta ng talahanayan na ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap ng nilalaman ng worktext. Ang mataas na *mean scores*, lalo na sa mga aspeto ng pagkasunod-sunod ng mga paksa at ang kakayahang magbigay ng halimbawa, ay nagpapahiwatig na ang *worktext* ay epektibong tutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

### Talahanayan 10. Makabuluhang Ugnayan sa Estilo sa Pagkatuto at Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Kalidad ng Worktext

Ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto at ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa *worktext* ay makatutulong upang lumikha ng mga kagamitang pampagtuturo na mas epektibo at nakaka-engganyo para sa lahat. Ang talahanayan sa ibaba ay naglalahad ng resulta ng makabuluhang ugnayan sa estilo sa pagkatuto at pangtanggap ng mga mag-aaral sa kalidad ng *worktext* batay sa nilalaman, kalinawan, dating sa gagamit, orihinalidad at pagtanggap.

**Talahanayan 5. Makabuluhang Ugnayan sa Estilo sa Pagkatuto at Pagtanggap ng Kalidad ng *Worktext***

| **Baryabol** | | **Estilo ng Pagkatuto** | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **Biswal** | **Pakikinig** | **Kinestetiko** |
| **Nilalaman** | Pearson's r | 0.017 | -0.061 | -0.146 |
| | p-value | 0.891 | 0.619 | 0.233 |
| **Kalinawan** | Pearson's r | -0.025 | -0.115 | -0.179 |
| | p-value | 0.837 | 0.35 | 0.144 |
| **Dating** | Pearson's r | -0.045 | -0.115 | -0.271 |
| | p-value | 0.716 | 0.348 | 0.025 |
| **Orihinalidad** | Pearson's r | -0.16 | -0.298 | -0.423 |
| | p-value | 0.192 | 0.014 | < .001 |
| **Pagtanggap** | **Pearson's r** | **-0.074** | **-0.197** | **-0.337** |
| | **p-value** | **0.55** | **0.107** | **0.005** |

Ang talahanayan ay nagpapakita ng resulta ng Pearson r correlation analysis. Ang pagtanggap batay sa nilalaman ay walang makabuluhang ugnayan sa biswal **(r=.017, p>.05**), pakikinig **(r=-.061, p>.05**) at kinestetiko **(r=-.146, p>.05).**

Ang pagtanggap batay sa kalinawan ay wala ring makabuluhang ugnayan sa biswal **(r=-.025, p>.05),** pakikinig **(r=-.115, p>.05)** at kinestetiko **(r=-.179, p>.05)**. Ang pagtanggap batay sa dating ay walang makabuluhang ugnayan sa biswal (**r=-.045, p>.05**) at pakikinig **(r=-.115, p>.05)**, ngunit mayroong negatibo at mahinang ugnayan sa kinestetiko **(r=-.271, p<.05).** Samatala, ang pagtanggap batay sa orihinalidad ay walang makabuluhang ugnayan sa **biswal (r=-.016, p>.05),** ngunit may negatibo at mahinang ugnayan sa pakikinig **(r=-.298, p<.05)** at negatibo at katamtamang ugnayan sa kinestetiko **(r=-.423, p<.05).** Ibig sabihin, ang mga kinestetiko ay mas mahina ang pagtanggap sa *worktext* batay sa dating. Ang pakikinig at kinestetiko ay mas mahina ang pagtanggap sa *worktext* batay sa orihinalidad.

Sa kabuuan, ang kinestetiko lamang ang may negatibo at mahinang ugnayan sa kabuuan ng pagtanggap sa *worktext* **(r=-.337, p<.05).** Ibig sabihin kapag tumataas ang iskor ng mga mag-aaral na ang estilo ng pagkatuto ay kinestetiko, bumababa naman ang antas pagtanggap nila sa *worktext*.

## Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral

Ang pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa *worktext* ay hakbang sa pagbuo ng mga mas epektibong programa at kurikulum. Ang talahanayan 10 ay nagpapakita ng resulta ng Pearson r correlation analysis sa makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral.

**Talahanayan 6. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral?**

| Baryabol | Mean | | SD | | U | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Guro | Mag-aaral | Guro | Mag-aaral | | |
| Nilalaman | 3.84 | 3.86 | 0.18 | 0.21 | 602 | 0.394 |
| Kalinawan | 3.76 | 3.89 | 0.21 | 0.14 | 445 | 0.014 |
| Dating | 3.76 | 3.87 | 0.24 | 0.13 | 515 | 0.085 |
| Orihinalidad | 3.71 | 3.87 | 0.23 | 0.18 | 410 | 0.005 |
| **Kabuuang Pagtanggap** | **3.76** | **3.87** | **0.17** | **0.07** | **398** | **0.005** |

Ang Talahanayan ay nagpapakita ng resulta ng Mann-Whitney independent sample test. Ito ang ginamit sa halip na *t-test* dahil nakita sa *assumption check* na hindi normal ang nakalap na data. Walang makabuluhang kaibahan ang pagtanggap ng guro at mag-aaral sa *worktext* batay sa nilalaman **(U=602, p>.05)** at dating **(U=515, p>.05).** Ngunit mayroon silang makabuluhang kaibahan sa pagtanggap batay sa kalinawan **(U=445, p<.05)** at orihinalidad **(U=410, p<.05).** Ibig sabihin, mas mataas ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa worktext kaysa sa mga guro batay sa kalinawan at orihinalidad.

Sa kabuuan, ay mas makabuluhang kaibahan ang mga guro at mga mag-aaral sa pagtanggap sa worktext **(U=398, p<.05).** Mas mataas ang antas pagtanggap ng mga mag-aaral kaysa sa mga guro.

## Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang mga mag-aaral ay mas natututo kung ang guro ay may makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Karamihan sa kanila ay mas nais ang estilong ng pagkatutong biswal tulad nga mga grapiko, diyagram, mga tsart, mga larawan, at mga bidyos. Patunay lamang ito na hindi na gaanong epektibo sa mga mag-aaral ang tradisyonal na lektyur na pagtuturo.

Ang mga balideytor ng nabuong multisensori na *worktext* ay sinang-ayunan ang nilalaman nito, kalinawan, disenyo at organisasyon, kalidad ng teksto at anyo nito.Maging sa pagtatasa at sa kakayahang mabasa ang *worktext* ay lubusan ding tinanggap.

Tinanggap din ng mga guro nabuong worktext lalo na kalinawan ng mga patakaran, sa mga layunin nito na naangkla sa bisyon at misyon ng institusyon na nagpapatibay sa pundasyon ng *worktext*. Maging sa pagkasunod-sunod ng mga aralin at kalidad ng pagpapahayag ay kinilala din *worktext* bilang nakakapukaw ng interes ng mga mag-aaral at ang orihinalidad nito.

Kinawilihan din ng mga mag-aaral nabuong worktext sapagkat karamihan sa nilalaman nito ay nakabatay sa kanilang estilo ng pagkatuto. Napukaw din ang kanilang interes sapagkat ito ay bago sa nakagawiang teksto.

Walang makabuluhang ugnayan sa tatlong estilo ng pagkatuto sa nabuong worktext maliban lamang sa kinestetiko na bahagyang mahina ang pagtanggap sa dating ng worktext at mas mababa ang pagtanggap sa orihinalidad kasabay ng pakikinig na estilo ng pagkatuto.

Hindi hamak na mas mataas ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong worktext kaysa sa mga guro dahil sa mahinang pagtanggap ng mga guro sa kalinawan at orihinalidad ng nabuong multisensori na *worktext*.

**Sanggunian:**

Aswita. (2011). *The Effect of Applying Multisensory Teaching Method on The Students*" Vocabulary achievement. A Thesis. UNIMED: English Education Study Program, Faculty of Languages and Arts, Medan State University. Unpublished

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers.

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *1*(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 101-110.

Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. International Journal of Research Studies in Education, 14(2), 17-26.

Maribbay, R. (2022). Reading Interests and Habits: Their Relationship to the Reading Comprehension of Grade 11 Students. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(2 June Issue), 84–101. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/128

Maryline, D. (2021). Enhancing the Reading Comprehension Skills of Grade 4 through Sandwich Approach. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *1*(1), 1–14. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/3

Obaid M.A.S. P. (2013). The Impact of Using Multi-Sensory Approach for teaching students with Learning Disabilities. Jordan: *Journal of International Education Research.*

Prawira, N.N.P L. P. (2023). The Implementation of Literacy Activities in Primary School. *Jurnal Imiah Pendidikan dan Pembelajaran*, 7(1), 150-156. *Students' Reading Achievement*. Medan: University Muhammadiyah Sumatera Utara.

Reyes, Y. & De Guia, R., (2015). *Develoment of English Worktext in English* 101. Retrieved from: https://www.ijsr.net/archive/v6i10/ART20177303.pdf

Riadil, I.G., & Nur, M.R.O. (2019). Most Common Learning Style Used By the Students of English Department of Tidar University. International Summit of Science Technology and Humanity.ISETH, Advising Scientific Thought for Future Sustainable Development; pp.667-670. p-ISSN: 2477-3328

Saquing, J. B. (2018). Intercultural Communicative Competence of Bachelor of Science in Secondary Education ( BSED) Major in English Students: A Basis for Proposed Integration of Internationalization in the BSED Major in English Curriculum. The Asian EFL Journal, 20 (12.4),8-29.

World Bank Group (2022*). Teach Primary: Helping Countries to Measure Effective Teaching Practices.* https://www.worldbank.org/en/topic/ education/brief/teach-helping-countries-track-and-improve-teaching-quality